Tagalog

TAON 1 AT 2

Public education
**Discover a world of opportunities**

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA UKOL SA MGA LARONG NAUUKOL SA MGA BILANG

**Tapikin ang lobo**

Bilangin ninyo ang ulit na inyong matatapik ang isang lobo papunta sa isa't isa na hindi ito sumsayad sa sahig. Kapag tumama ito sa sahig, ulitin ninyo muli ang pagtapik.

**Domino**

Bilangin at ipagbagay ninyo ang mga tuldok.

**Mga larong linalaro sa ibabaw ng mesa na may mga pirasong ginagalaw sa isang minarkahang tabla (Board games)**

Bilangin ninyo ang mga puwang habang kayo ay tumitira. Magtanong kayo: *Ilang mga puwang pa ang natitira para sa inyo bago kayo matapos?*

**Mga larong elektroniko**

Magsama kayo ng mga pakikipagsapalarang laro (adventure games), mga 'tablet application', mga paligsahang naka-base sa web (web-based competition) at mga larong nauukol sa isport. Makipaglaro sa inyong ng mga anak ng mga pakikipagsapalarang laro (adventure game) sa kompyuter at magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Ilang mga bituin ang inyong kailangan para makapunta sa susunod na antas?*

**'Scavenger hunt'**

Maglista kayo ng mga bagay na dapat hanapin ng inyong mga anak sa paligid ng bahay at hardin. Halimbawa: *Tatlong 'gumnut', apat na kulay kapeng (brown) dahon, isang pulang dahon, limang pangsipit ng damit, dalawang pulang 'block'*at *isang kabibe.*

**Mga larong dais**

Gumamit kayo ng dalawang dais (o higit pa) at magsanay na magsuma ng mga bilang. Palakasin ang loob ng inyong mga anak na malaman ang dami ng tuldok na hinidi binibilang ang mga ito.

**Paghanap ng mga plaka ng kotse**

Humanap kayo ng mga plaka ng kotse na may bilang na 1. Pagkatapos ay humanap kayo ng mga plaka na may 2, pagkatapos 3 at iba pa. Gawin ninyo itong higit na nakaka-aliw: papagsumahin ninyo sa kanila ang mga bilang sa plaka o papagbawasin ang pinakamaliit na bilang mula sa pinakamalaking bilang.

**Ang mahiwagang bilang**

**Mag-isip kayo ng bilang. Pahulaan ninyo sa inyong mga anak kung ano ito habang kayo ay nagbibigay ng mga palatandaan, halimbawa: *Ang aking bilang ay higit sa 10 ngunit kulang sa 19. Ito ay isang pantay na bilang. Minsan ang tawag dito ay isang dusena.***
**Para sa higit na masulong na bersiyon ng laro, maisasama ninyo ang mga pagsusuma, pagbabawas at pagpaparami na palatandaan upang mahanap ang mahiwagang bilang.**

**Mga larong baraha**

Maglaro ng 'snap'! Magaling na paraan ito upang matutong magbagay ng mga bilang. Maglaro kayo ng mga larong memorya sa pamamagitan ng pagbagay ng mga bilang na nagsusuma sa 10, halimbawa, *3 at 7, 4 at 6,* at *5 at 5.*

Department of Education

**Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015